SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# Katayuan sa Imigrasyon at mga Programa ng SFHSA

## Mga pangangailangan sa pagiging karapat-dapat para sa mga pampubikong benepisyo

Ang San Francisco Human Services Agency (SFHSA) ay nagkakaloob ng mahalagang pampublikong benepisyo para sa mga imigrante, mula sa tulong na pagkain ng CalFresh at sakop sa kalusugan ng Medi-Cal hanggang sa tulong na pera sa pamamagitan ng CalWORKs, County Adult Assistance Programs (CAAP) at Refugee Cash Assistance.

Tinutukoy ng impormasyon sa ibaba kung alin sa mga programang iyon ang maaaring maging karapat-dapat sa inyong mga kliyente batay sa kanilang katayuan sa imigrasyon at ang kinakailangang dokumentasyon.

Magkakaiba ang bawat sitwasyon. Kontakin ang Bay Area Legal Aid Free Advice Hotline (800) 551-5554 para sa mga katanungan tungkol sa kung paano ang pagtanggap ng mga pampublikong benepisyo ay maaaring makaapekto sa katayuan sa imigrasyon.

### Pagiging karapat-dapat sa programa ayon sa katayuan sa imigrasyon

| Katayuan sa Imigrasyon | Medi-Cal | CalFresh | CalWORKs o CalWORKs Diversion | CAAP | Refugee Cash Assistance |
|---|---|---|---|---|---|
| Asylees (Nabigyan nang Asylum) | Oo | Oo | Oo | Oo | Oo |
| Mga Asylum Seeker (Nakabinbin ang Asylum) | Oo | Hindi | Hindi | Hindi | Hindi |
| Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) | Oo | Hindi | Hindi | Hindi | Hindi |
| Legal na mga Permanenteng Residente | Oo | Oo | Oo | Oo | Hindi |
| Mga Nabigyan ng Parole | Oo | Oo, kung nabigyan ng parole nang hindi bababa sa isang taon | Oo, kung nabigyan ng parole nang hindi bababa sa isang taon | Oo, kung nabigyan ng parole nang hindi bababa sa isang taon | Oo, mga Afghan, Ukrainian, Cuban, Haitian lamang |

| Katayuan sa Imigrasyon | Medi-Cal | CalFresh | CalWORKs o CalWORKs Diversion | CAAP | Refugee Cash Assistance |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga Refugee | Oo | Oo | Oo | Oo, pagkatapos ng Refugee Cash Assistance | Oo |
| SIJS/SIJ – Special Immigrant Juvenile Status o Espesyal na Status Bilang Immigrant na Juvenile | Oo | Oo | Oo | Oo | Hindi |
| SIV – Special Immigration Visa (Mga Afghan at Iraqi) | Oo | Oo | Oo | Oo | Oo |
| Visa sa Estudyante, Trabaho/Turista | Oo, kung residente ng California | Hindi | Hindi | Hindi | Hindi |
| Temporary Protected Status (TPS) | Oo | Hindi | Hindi | Hindi | Hindi |
| T-Visa | Oo | Oo | Oo | Hindi | Oo, kung sila ay mga single adult o mag-asawa na walang menor de edad sa tahanan |
| Mga Hindi Dokumentadong Imigrante | Oo | Hindi, ngunit ang mga hindi dokumentadong magulang ay maaaring mag-aplay sa ngalan ng mga batang ipinanganak sa U.S. | Hindi, ngunit ang mga hindi dokumentadong magulang ay maaaring mag-aplay sa ngalan ng mga batang ipinanganak sa U.S. | Hindi, maliban sa malubhang sakit | Hindi |
| U-Visa | Oo | Oo | Oo | Oo | Oo |
| VAWA mga Sariling Pagpetisyon | Oo | Oo | Oo | Oo | Hindi |
| Permit sa trabaho | Oo | Depende sa katayuan/ kategorya ng permit sa trabaho | Depende sa katayuan/ kategorya ng permit sa trabaho | Hindi | Depende sa katayuan/ kategorya ng permit sa trabaho |

## Katibayan ng Katayuan sa Imigrasyon para sa mga Programa ng SHFSA

Kung hindi kayang mapatotohanan ng SFHSA ang katayuan sa imigrasyon ng isang tao sa pamamagitan ng mga mayroong elektronikong mapagkukunan, maaari kaming humingi ng dokumentasyon upang patunayan ang kanilang katayuan sa loob ng 90 araw.

Maaaring kailanganin lamang ng mga kliyente na magbigay ng isa o dalawang dokumento na nasa ibaba depende sa kanilang katayuan at sa mga pangangailangan ng programa.

| Katanggap-tanggap na Dokumento | Mga Programa |
|---|---|
| Liham ng Pag-apruba ng Asylum mula sa USCIS | Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, CAAP, Refugee Cash Assistance |
| Kumpletong kopya ng Form I-918, Petisyon para sa katayuan na U Nonimmigrant | Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, CAAP, Refugee Cash Assistance |
| Resibo ng kumpirmasyon o sulat mula sa USCIS na nagpapatotoo na naihain na ang Petition for U Nonimmigrant Status (Form I-918). | Medi-Cal, CalFresh |
| Employment Authorization Document (EAD) na ipinalabas sa ilalim ng kategoryang “A19” o “A20” para sa aprobadong U Visa petitioner | Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, CAAP |
| Employment Authorization Document (EAD) na ipinalabas sa ilalim ng kategorya “C9” kasama ang unang pahina ng Form I-485 ng aplikante, na nagsasaad na ang aplikasyon para isaayos sa legal na permanenteng paninirahan ay batay sa katayuan ng U Visa. | Medi-Cal, CalFresh |
| Form I-797 na pag-apruba ng U Visa o U Visa stamp sa pasaporte. | Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, CAAP, Refugee Cash Assistance |
| Form I-797, na nagsisilbi bilang resibo ng bayad para sa Form I-485 Aplikasyon para Magrehistro ng Permanenteng Paninirahan o Pagsasaayos ng Katayuan, at ang unang pahina ng Form I-485 ng aplikante na nagsasaad na ito ay nakabatay sa katayuan ng U Visa. | Medi-Cal, CalFresh |

| | |
|---|---|
| Form I-797, na nagsisilbi bilang resibong bayad para sa kahilingan ng awtorisasyon sa pagtatrabaho batay sa aplikasyon ng U Visa. | Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, CAAP |
| Form I-797C Palugit sa katayuan ng U nonimmigrant. | Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, Refugee Cash Assistance |
| Form I-94 | CalFresh, Refugee Cash Assistance |
| Card sa Legal na Permanenteng Paninirahan "Green Card" | Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, CAAP |
| Sariling pagpapahayag ng layuning mag-aplay para sa isang T Visa | CalFresh, Refugee Cash Assistance |
| Dokumento ng USCIS na nagpapakita kung kailan nabigyan ng parole ang indibidwal sa U.S. | CalFresh, Refugee Cash Assistance |

## May mga Katanungan?

Magpadala ng Email sa amin sa **HSAOutreachComms@sfgov.org**

Isinapanahon 8/8/24